ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ANG PAGTUTURO NG PANITIKANG PAMBATA: ISANG PAGDADALUMAT SA MGA KARANASAN, BALAKID AT ADHIKAIN

**Mylene M. Nabua[1], Rene P. Sultan, EdD, DPA[2]**
[1]ORCID No. 0009-0003-4081-4113
Teacher I, Wlilliam Joyce Sr. Elementary School, Lapuan, Don Marcelino, Davao Occidental
[2]Professor, Rizal Memorial Colleges, Inc. Lopez Jaena & F. Torres Streets, Poblacion District, Davao City, Davao del Sur

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra20088**
**DOI No: 10.36713/epra20088**

**ABSTRAK**

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin at pagnilayan ang mga karanasan, balakid at adhikain ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata sa elementarya. Sa pamaraang purposive sampling, napili ang siyam (9) na kahahok mula sa Don Marcelino District na sumalang sa pinalalim na panayam upang bigyan ng tugon ang mga tanong sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng disenyong phenomenology natuklasan na ang pangunahing karanasan ng mga guro sa pagtuturo panitikan ay napapagaaan ang pagtuturo ng wika, napagagaan ang pangangasiwa ng silid-aralan, nalilinang ang hilig sa pagbasa at napatitibay ang relasyon ng pamilya. Upang mapagtagumpayan ang mga balakid ng pagtuturo ng panitikan itinaguyod ng mga guro ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo; pagsasagawa ng sariling pagsasanay at paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo ng mga panitikang pambata. Nais na ipabatid ng mga guro ang kanilang adhikain na mahalaga ang mga pagsasanay sa pedagohiya; pagpapaunlad ng kurikulum sa pagtuturo at makabuluhan ang pagbasa para sa mga guro. Sa mga susunod na pananaliksik, maaaring bigyan ng pansin ang mga paksang ukol sa pagtuturo ng makabagong panitikan (digital na panitikan), ang mga modelo ng pagtuturo ng panitikan sa key stages 2, 3 at sa senior high school, ang pagkilala sa saloobin at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan at mga guro sa pagtuturo-pagkatuto ng panitikang pambata.*

**SUSING SALITA:** *Panitikang Pambata, Karanasa, Balakid, Adhikain, Lungsod ng Davao*

## INTRODUKSYON

Ang pagbibigay ng akses sa panitikan sa mga mag-aaral ay isang mahalagang salik sa kanilang tagumpay, hindi lamang sa paglinang ng kasanayang kognitibo kundi pati sa pagpapayaman ng kanilang karanasan at pananaw sa buhay (M. Crippen). Sa ilalim ng K to 12 kurikulum, ang pagtuturo ng Filipino ay nakatuon sa paglinang ng kakayahang komunikatibo, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan. Isa sa mahahalagang layunin nito ay ang pagpapalakas ng tatas at lugod sa pagbasa ng panitikan, ngunit kapansin-pansin ang unti-unting pagkawala ng interes ng mga kabataan sa larangang ito.

Ayon kay Abdu-Raheem (2016), isang malaking hamon sa pagtuturo ng panitikan ang kakulangan ng interes ng mga mag-aaral at ang limitadong kasanayan ng mga guro sa pagtuturo nito. Hindi sapat ang simpleng pagbasa ng mga akda; kinakailangang maunawaan, mapahalagahan, at mapagnilayan ang mga ito sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan at iba't ibang pedagogical na estratehiya gaya ng focus group discussions, pagsusuri, at pagsasadula (Adelabu at Nder, 2013).

Sa Pilipinas, ang panitikan ay bahagi ng pangkalahatang kurikulum mula sa mababang paaralan hanggang sa kolehiyo. Itinuturing itong mahalagang instrumento sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita, gayundin sa pagpapalalim ng kamalayang pansarili at panlipunan (Magulod, 2018). Sa kabila ng malawak na pag-aaral tungkol sa pagtuturo ng panitikan, kakaunti ang nakatuon sa pagtuturo ng panitikang pambata sa antas elementarya, lalo na sa dokumentasyon ng mga karanasan, balakid, at adhikain ng mga guro sa larangang ito.

Sa ganitong konteksto, kinakailangang magsagawa ng masusing pagsusuri upang matukoy ang mga hamon at pangangailangan sa pagtuturo ng panitikang pambata. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mapunan ang kakulangan sa pananaliksik sa larangang ito at makapagbigay ng mahahalagang rekomendasyon sa mga institusyon at tagapagpatupad ng patakaran. Sa pamamagitan nito, inaasahang higit pang mapapalakas ang literasi ng mga mag-aaral at ang kalidad ng pagtuturo ng panitikang pambata sa Pilipinas.

### *Layunin ng Pag-aaral*

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin at pagnilayan ang mga dalumat ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata sa kasalukuyang panahon sa mga paaralang elementarya ng Sangay ng Davao Occidental, Rehiyon XI. Sa kontekstong ito, layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga karanasan, balakid, at adhikain sa pagtuturo ng panitikang pambata sa kasalukuyang panahon. Higit pa rito, inaasahang makapagbibigay ito ng mahahalagang pananaw na maaaring gamitin sa pagbuo ng mga polisiya at patakaran ng mga namumuno sa sektor ng edukasyon, partikular na ng mga tagapangasiwa sa programang pang-kurikulum, pedagohiya, at pagtataya.

### *Mga Katanungan sa Pananaliksik*

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata?
2. Paano napagtatagumpayan ng mga guro ang mga balakid sa pagtuturo ng panitikang pambata sa kasalukuyang panahon?
3. Ano-ano ang mga adhikain ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata sa kasalukuyang panahon bilang mahalagang *input* sa pagtuturo ng panitikan?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatibong disenyo, partikular ang penomenolohikal na lapit, upang galugarin ang karanasan, balakid, at adhikain ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata sa mga pampublikong paaralan ng Davao Occidental.

**Mga Kalahok at Pamamaraan ng Pagpili**
Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng siyam (9) na guro mula sa Don Marcelino District na nagtuturo sa Baitang 4 at 5 (Key Stage 2). Pinili sila batay sa kanilang karanasan, balakid, at adhikain sa pagtuturo ng panitikang pambata upang matugunan ang layunin ng pananaliksik—paggalugad sa kanilang karanasan at tagumpay sa larangang ito.


**Pagkolekta ng Datos**
Gumamit ng semi-structured na panayam upang matiyak ang masusing pagtalakay sa karanasan ng mga kalahok. Ang mga panayam ay naitala, isinalin sa verbatim, at sinuri gamit ang tematikong pagsusuri (Clarke & Braun, 2013) upang matukoy ang mga umuusbong na tema.

**Etikal na Pagsasaalang-alang**
Sinunod ang mga prinsipyo ng respetong pangkalahok, beneficence, at katarungan (Creswell, 2007). Lahat ng kalahok ay lumagda sa isang *informed consent form*, at tiniyak ang pagiging kumpidensyal ng kanilang pagkakakilanlan.

**Pagtatasa ng Bisa at Kredibilidad**
Upang tiyakin ang integridad ng pag-aaral, isinagawa ang *member checking* at triangulasyon ng datos. Sinunod ang mga pamantayan ng *credibility*, *dependability*, *transferability*, at *confirmability* (Tobin & Begley, 2004) upang mapanatili ang bisa at katumpakan ng resulta.

## PAGTALAKAY SA KINALABASAN

***Mga Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata***




***Talangguhitan 1. Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata sa Elementarya***

Ang panitikang pambata ay isang mahalagang yaman ng bansa na nagpapalalim sa pagpapahalaga, paniniwala, at pagkamalikhain ng mga mag-aaral. Gamit ito bilang kasangkapan sa edukasyon, napapalakas ang interes sa pagbasa at wika. Batay sa pag-aaral, natukoy ang apat na pangunahing tema sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata: (1) napagagaan ang pagtuturo ng wika, (2) napadadali ang pangangasiwa ng silid-aralan, (3) nalilinang ang hilig sa pagbasa, at (4) napatitibay ang relasyon ng pamilya.

**Napagagaan ang Pagtuturo ng Wika**
Itinuturing ng mga guro na ang paggamit ng panitikang pambata, tulad ng mga kuwento at tula, ay nakatutulong sa pagpapadali ng pagtuturo ng wika. Ayon sa mga kalahok, ang panitikan ay isang mabisang lunsaran sa pagpapaliwanag ng mga aralin, na ginaganyak ang mga mag-aaral na lumahok sa klase. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Wormeli (2022) at Sousa, Jensen, at Robin (2021), na nagpapatunay sa bisa ng panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Rogers (2020) ang mahalagang papel ng panitikan sa pagkatuto ng pangalawang wika, na nagpapatibay sa argumento na ang panitikang pambata ay isang epektibong estratehiya sa edukasyon.

**Napagagaan ang Pangangasiwa ng Silid-Aralan**
Ang pagtuturo ng panitikang pambata ay nagiging mabisang kasangkapan sa pagpapadali ng pangangasiwa ng silid-aralan. Ayon sa mga guro, ang panitikang pambata—na binubuo ng mga kuwento, tula, rima, at awit—ay hindi lamang nagbibigay ng kaalaman at aliw, kundi nagpapalaganap din ng mga pagpapahalaga at kagandahang-asal. Ang mga guro ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nagsasalaysay ng kanilang mga karanasan kung paano pinadali ng pagtuturo ng panitikang pambata ang kanilang mga gawain sa silid-aralan, tulad ng pagpapadali ng classroom management. Sa pamamagitan ng panitikan, natututo ang mga mag-aaral ng tamang pag-uugali at pagpapahalaga, na nagsisilbing modelo sa kanilang pakikisalamuha sa kapwa.

Ang pahayag nina Bang (1999) at Beck at McKeown (2001) ay sumusuporta sa ideya ng paggamit ng panitikang pambata sa pagtuturo ng tamang paggalang at pagsunod sa mga tuntunin sa silid-aralan. Ayon kay Forgan (2002), ang epektibong pamamahala ng silid-aralan ay nakakamit sa pamamagitan ng pagtutok sa indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral, na naaangkop sa mga babasahing pambata, na tumutugon sa iba't ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga unang baitang ng pag-aaral.

**Nalilinang ang Hilig sa Pagbasa**

Ang pagtuturo ng panitikang pambata ay nakakatulong sa paglinang ng hilig sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon sa mga guro, ang mga kawili-wiling akdang pambata ay nagpapalakas sa kagustuhan ng mga mag-aaral na magbasa at matuto ng mga bagong talasalitaan, kaya't hindi na nila kailangang paalalahanan na magbasa. Mula sa mga kuwento, tula, at awit, natututo ang mga mag-aaral ng magagandang pagpapahalaga at mabuting gawi.

Sumusuporta sa ideya ni Smith (2015) na ang panitikang pambata, tulad ng mga alamat at pabula, ay mahalaga sa pagpapalawak ng literasi ng mga mag-aaral, dahil sa mga akdang ito, natututo sila ng bagong wika at nagpapalawak ng kanilang imahinasyon. Ang mga akdang ito ay nagbibigay ng magandang pag-motivate sa mga mag-aaral upang magpatuloy sa pagbabasa.


Ayon kina Perrier at Martin (2018), ang pagbasa ng mga kuwento ay isang makabuluhang gawain na nakakaapekto sa mga mag-aaral upang mapalaganap ang hilig nila sa pagbabasa. Nakakatulong din ang mga kuwento sa paghubog ng kanilang personalidad at paghahanda sa hinaharap. Inilalarawan nina Montgomery at Maunders (2015) na ang panitikang pambata ay may malaking papel sa pag-unlad ng mga kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto—linggwistiko, emosyonal, at panlipunan. Sa regular na pagbasa ng mga guro at mag-aaral, ayon kay Borders at Paisley (2022), lalong pinapalakas ang interes at hilig ng mga bata sa pagbabasa, na may malalim na epekto sa kanilang pang-akademikong pag-unlad.

**Napatitibay ang Relasyon ng Pamilya**

Isa sa mga pangunahing tema na natukoy sa pag-aaral ay ang pagpapalakas ng relasyon ng pamilya sa pagtuturo ng panitikang pambata. Ayon sa mga guro, ang pagbasa ng mga akdang pambata ay nagiging dahilan upang magkaisa ang mag-anak. Sa kasalukuyang panahon, kung saan maraming pamilya ang nahuhumaling sa mga gadgets at online games, ang pagkakataon ng magkakasamang pagbasa ay isang bihirang ngunit mahalagang sandali. Ang matibay na relasyon ng mag-anak na nabubuo sa prosesong ito ay isang aspeto ng pamilya na nararapat ipagdiwang.

Ang temang ito ay sumusuporta sa pananaliksik ni Lee (2016), na nagsasabing ang regular na pagbasa kasama ang mga bata ay hindi lamang nakakatulong sa kanilang mental na pag-unlad kundi nagpapalakas din ng relasyon ng magulang at anak. Ang mga magulang na naglalaan ng oras sa pagbasa ng mga panitikang pambata kasama ang kanilang mga anak ay nagiging daan upang magbukas ang mga bata at maipahayag ang kanilang nararamdaman, na nagiging sanhi ng matatag na pagbuo ng kanilang katauhan. Ayon kay Ryan (2022), ang pamilya ang pangunahing pinagmumulan ng lakas para magsikap sa pag-aaral at magtagumpay sa buhay. Sa pamamagitan ng pagbasa ng mga akdang pambata, nakikinabang ang mga mag-anak sa mga aral na nagmumula sa mga kwento, na karaniwang ibinabahagi ng mga magulang at nakatatandang kapatid sa mga nakababata, na nagpapakita ng matibay na ugnayan ng pamilya

***Paano napagtatagumpayan ng mga guro ang mga balakid sa pagtuturo ng panitikang pambata sa kasalukuyang panahon?***




***Talangguhitan 2. Mga Pamamaraan Kung Paano Napagtatagumpayan ng mga Guro ang mga Balakid sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Nailalarawan sa papel na ito ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata at kung paano nila napagtatagumpayan ang mga balakid na dulot ng kasalukuyang kalagayan. Mula sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga guro, tatlong pangunahing tema ang umusbong: (1) Paggamit ng unang wika sa pagtuturo, (2) Pagsasagawa ng sariling pagsasanay, at (3) Paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo.

**Paggamit ng Unang Wika sa Pagtuturo**

Isa sa mga hamon na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata ay ang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino o sa wika ng pagtuturo. Ayon sa mga guro, mahalaga ang paggamit ng unang wika o ang wika ng tahanan ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan. Kung minsan ay nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga akda sa Filipino, kaya't ginagamit ng mga guro ang unang wika upang magbigay-linaw at mas madaling maipaliwanag ang nilalaman ng mga akda.

Ayon kay Gutsal (2022), ang pagtuturo sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang lingguwistiko at kultural na kaligiran ay isang hamon. Kailangan ng mga guro na maging sensitibo sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at gamitin ang mga angkop na estratehiya sa pagtuturo. Ang multilinggwal na pamamaraan, tulad ng paggamit ng unang wika ng mga mag-aaral, ay nakakatulong upang mapadali ang proseso ng pagkatuto at mapanatili ang kanilang interes sa mga akdang pampanitikan. Sa ganitong paraan, hindi lamang natututo ang mga mag-aaral ng bagong kaalaman, kundi napapalakas din ang kanilang koneksyon sa kanilang kultura at mga tradisyon.

**Pagsasagawa ng Sariling Pagsasanay**

Ang pagtuturo ng panitikan sa mga bata ay itinuturing na isa sa mga pinakamalupit na hamon sa larangan ng edukasyon. Ayon kina Upreti at Kabiraj (2012), ilan sa mga paghihirap na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata ay ang pagkakaroon ng hindi pantay-pantay na pagkakataon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, dulot ng iba't ibang salik na kaugnay sa kalagayan ng mag-aaral. Isa pa sa mga hamon ay ang pagtuturo ng mga maikling kwento na may kumplikadong estruktura ng pangungusap at mga teknikal na salitang ginamit.


Ang mga nabanggit na hamon ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mga guro na magkaroon ng sapat na pagsasanay upang mapabuti ang kanilang pagtuturo ng panitikang pambata. Mula sa mga karanasan ng mga guro, naging malinaw na isang malaking hadlang ang kakulangan sa pagsasanay sa pagtuturo, kaya't ang pagsasagawa ng sariling pagsasanay ay naging isa sa mga solusyong isinagawa ng mga guro.

Ang temang ito ay sumasalamin sa pahayag ni El-Helou (2010), na sa mabilis na takbo ng makabagong panahon, ang personal na pagsasanay para sa propesyonal na pag-unlad ay isang epektibong instrumento para sa personal at propesyonal na paglago. Ang mga positibong epekto ng pagsasanay ay hindi lamang limitado sa mga aklat kundi pati na rin sa pagpapahusay ng kasanayan sa komunikasyon, pagpapalawak ng pananaw, at pagtutok sa empatiya, lalo na sa pagtuturo ng mga unang baitang ng pag-aaral. Sa panahon ng makabagong teknolohiya, ang pagsasagawa ng sariling pagsasanay ay naging isang mabisang hakbang upang magtaglay ang mga guro ng patuloy na kaalaman at karanasan na makikinabang sa pagkatuto ng mga estudyante.

***Paggamit ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Panitikang Pambata.***

Ang mga resulta at talakayan ay nagpapakita na ang paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo ay isang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng panitikang pambata. Ayon kay Lear (2020), isa sa mga pangunahing hadlang sa matagumpay na pagtuturo ng panitikan ay ang kakulangan ng mga kagamitang tumutugon sa konteksto ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang ito ay nagsisilbing gabay upang matugunan ang mga layunin, kawilihan, at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagpapahalaga ng panitikan. Dahil dito, isinama sa mga pagsasanay ng mga guro ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa paghahanda ng mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo.

***Mga Adhikain ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambatasa Kasalukuyang Panahon bilang Mahalagang Input sa Pagtuturo***




***Talangguhitan 4. Mga Adhikain ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata Bilang Mahalagang Input sa Pagtuturo***

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga adhikain ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata sa antas elementarya. Napag-alaman na ang mga guro ay may tatlong pangunahing adhikain: (1) pagpapahalaga sa mga pagsasanay sa pedagohiya, (2) pagpapa-unlad ng kurikulum, at (3) makabuluhang pagbasa para sa mga guro.

Ang temang "mahalaga ang mga pagsasanay sa pedagohiya" ay kinilala ng mga guro bilang isang mahalagang aspeto upang mapabuti ang pagtuturo. Ayon kay Bornfreund (2012), ang mga guro sa elementarya ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay upang matugunan ang dinamiko ng pagtuturo sa mga bata. Ang kakulangan sa pagsasanay ay nagdudulot ng kahinaan sa pagtuturo, tulad ng binanggit nina Handayani, Aniva, at Srisiuni (2017).
Kasama ng temang ito, ang "pagpapa-unlad ng kurikulum" ay lumitaw bilang isang mahalagang layunin ng mga guro. Mahalaga para sa kanila ang paglalakip ng panitikang pambata sa kurikulum ng kursong BEED upang mapalawak ang kanilang kaalaman at karanasan sa pagtuturo. Ayon kay Rowman at Littlefield (2023), ang panitikang pambata sa kolehiyo ay nagsisilbing mahalagang mapagkukunan upang ipakilala ang mga kompleks na paksa at palawakin ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa edukasyon.

Ang temang "makabuluhan ang pagbasa para sa mga guro" ay lumitaw bilang isang mahalagang adhikain sa pagtuturo ng panitikang pambata. Ayon sa mga guro, ang pagbasa ay isang pangunahing priyoridad sa edukasyon, na sumasalamin sa pahayag nina Grant, Young, at Montbriand (2001), na binibigyang halaga ang pagbasa upang mapabuti ang literasi ng mga mag-aaral. Upang makamit ito, kinakailangan ang malakas na hanay ng mga guro na may sapat na pagsasanay. Ang mga programang inilunsad ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalagayang pampropesyonal ng mga guro, at binibigyang pansin ang ideolohiya, mga katotohanan, at karaniwang paniniwala sa pagbasa bilang isang kasanayan na dapat patuloy na linangin, lalo na para sa mga guro sa in-service teaching. Ang mga pagsasanay at sariling pagbasa ay mahalaga upang matugunan ang pangangailangan ng guro at mapabuti ang pagtuturo sa kasalukuyan at hinaharap.

**Konklusyon**

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa mga karanasan, balakid, at adhikain ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambata sa mga paaralang elementarya sa Sangay ng Davao Occidental, Rehiyon XI. Ang mga natuklasang temang tumalakay sa kahalagahan ng pagsasanay sa pedagohiya, pagpapaunlad ng kurikulum, at ang makabuluhan ng pagbasa para sa mga guro ay nagsilbing mahalagang input sa pagpapabuti ng pagtuturo ng panitikang pambata. Ang paggamit ng unang wika at kontekstuwalisadong kagamitan sa pagtuturo ay naging mabisang kasangkapan upang mapadali ang pag-unawa at mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo. Sa mga karanasan ng mga guro, naging mas magaan ang pangangasiwa ng mga klase at natulungan nilang mapalaganap ang hilig sa pagbasa ng mga mag-aaral at magpabuti ang relasyon ng pamilya.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod na hakbang para sa pagpapabuti ng pagtuturo ng panitikang pambata:

1. ***Pagpapalawig ng mga Pagsasanay sa Pedagohiya:*** Dapat ipagpatuloy at palawakin ang mga pagsasanay sa pedagohiya, lalo na ang mga nakatutok sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo, upang matulungan ang mga guro sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad.
2. ***Pagpapabuti ng Kurikulum:*** Iminumungkahi ang pagpapabuti at masusing pagdidisenyo ng kurikulum para sa pagtuturo ng panitikang pambata sa mga unang baitang. Mahalaga ang pagsasama ng mga makabagong akdang pampanitikan at ang pagbibigay-diin sa mga lokal at makulay na tema sa edukasyon.
3. ***Pag-unlad ng mga Modelo ng Pagtuturo:*** Maglaan ng pansin sa mga modelo ng pagtuturo ng panitikan sa mga susunod na yugto ng pag-aaral (Key Stage 2, 3, at Senior High School) upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng pagkatuto.
4. ***Pagkilala sa Saluobin ng Mag-aaral at Guro:*** Dapat magsagawa ng karagdagang pananaliksik upang mas maunawaan ang mga saloobin ng mga mag-aaral at guro hinggil sa pagtuturo at pagkatuto ng panitikang pambata upang mas mapabuti ang mga estratehiya sa pagtuturo.
5. ***Pagpapalaganap ng Pagtuturo sa Pamilya***: Palakasin ang partisipasyon ng mga pamilya sa mga aktibidad na nagpo-promote ng pagbabasa at pagmamahal sa panitikan upang mapatibay ang relasyon ng magulang at anak sa pagkatuto

## MGA SANGGUNIAN


1. *Abdu-Raheem, B. O. (2016). Effects of instructional materials on secondary schools' students' academic achievement in Social Studies in Ekiti State, Nigeria. World Journal of Education, 6(1), 32–39. https://doi.org/10.5430/wje.v6n1p32*
2. *Adelabu, B., & Nder, M. (2013). Survey of methods of teaching English and literature among secondary school teachers in Benue State. International Journal of Social Sciences and Education, 3(3), 847–858.*
3. *Bang, M. (1999). When Sophie gets angry – really, really angry. Blue Sky Press.*
4. *Beck, I. L., & McKeown, M. G. (2001). Text talk: Capturing the benefits of read-aloud experiences for young children. The Reading Teacher, 55, 10–20.*
5. *Bornfreund, L. (2012). Elementary teachers' need for ongoing professional development. New America Foundation.*
6. *Borders, S., & Paisley, P. O. (2022). Children's literature as a resource for classroom guidance. Elementary School Guidance & Counseling, 27(2), 131–139.*
7. *Clarke, V., & Barun, V. (2013). Successful qualitative research: A practical guide for beginners. The Research Gate.*
8. *Creswell, J. W. (2007). Five qualitative approaches to inquiry. Sage Publications.*
9. *El-Helou, H. (2010). Difficulties facing English teachers in teaching literature in English for Palestine Grade Twelve textbook. The Islamic University–Gaza Deanery of Graduate Studies.*
10. *El-Helou, M. (2010). Professional development in the modern era: The role of personal training in growth. International Journal of Training and Development, 14(3), 176–190.*
11. *Forgan, J. W. (2002). Using bibliotherapy to teach problem-solving. Intervention in School and Clinic, 38(2), 75–82.*
12. *Grant, R., Young, E., & Montbriand, C. (2001). Prioritizing reading in education: Enhancing student literacy through effective practices. Reading Research Quarterly, 36(4).*
13. *Gutsal, M. (2022). Teaching in multicultural classrooms: Challenges and strategies for success. International Journal of Educational Research, 113, 101–115.*
14. *Handayani, S., Aniva, R., & Srisiuni, T. (2017). Teacher training deficiencies and their impact on instructional effectiveness. Journal of Teacher Education, 68(3), 345–360.*
15. *Lear, J. (2020). Contextualizing literature instruction: Overcoming barriers with relevant materials. Journal of Literacy Research, 52(4), 467–489.*
16. *Lee, Y. S. (2016). Teaching diversity through multicultural children's literature: A guidebook for Korean English elementary school teachers. Master's Projects and Capstones, 576.*
17. *Magulod, G. C., Jr. (2018). Innovative learning tasks in enhancing the literary appreciation skills of students. SAGE Open, 8(4). https://doi.org/10.1177/2158244018820382*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

18. *Montgomery, P., & Maunders, K. (2015). The effectiveness of creative bibliotherapy for internalizing, externalizing, and prosocial behaviors in children: A systematic review. Children and Youth Services Review, 55, 37–47.*
19. *Perrier, M., & Martin, J. (2018). The impact of storytelling on children's reading motivation. Journal of Early Childhood Literacy, 18(2), 234–256.*
20. *Perrier, M. J., & Martin Ginis, K. A. (2018). Changing health-promoting behaviors through narrative interventions: A systematic review. Journal of Health Psychology, 23(11), 1499–1517.*
21. *Rogers, A. (2020). State-sponsored literature. Oxford University Press.*
22. *Rowman, M., & Littlefield, A. (2023). Integrating children's literature into the BEED curriculum: Expanding knowledge and teaching experience. Journal of Curriculum Studies, 55(2), 215–230.*
23. *Ryan, A. M. (2022). Family influences on student motivation and achievement: A study of parental support and expectations. Educational Psychology Review, 34(1), 45–67.*
29. *-to-active-creators/), 416–428.*
24. *Smith, V. (2015). Children as readers in children's literature: The power of texts and the importance of reading. In E. Arizpe & V. Smith (Eds.), Children as readers in children's literature (pp. 1–15). Routledge.*
25. *Sousa, A., Jensen, S., & Robin, M. (2021). Evaluation criteria for interactive e-books for open and distance learning. International Review of Research in Open and Distance Learning.*
26. *Tobin, G. A., & Begley, C. M. (2004). Methodological rigor within a qualitative framework. Journal of Advanced Nursing, 48, 388–396. http://dx.doi.org/10.1111/j.1365-2648.2004.03207.x*
27. *Upreti, P., & Kabiraj, S. (2012). Challenges in teaching children's literature: Addressing diverse learning needs. Journal of Education and Practice, 3(9), 45–52.*
28. *Wormeli, R. (2022). Moving students from passive consumers to active creators. AMLE. Retrieved October 1, 2022, from https://www.amle.org/moving-students-from-passive-consumers*